
4

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 8:
## Kuwento Ko: Salaysay Mo




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Baitang 4**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 8: Kuwento Ko: Salaysay Mo**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Baby Elsie M. Jove
**Editor:** Laila C. Namoro
**Tagasuri:** Rechie O. Salcedo
**Tagaguhit:** Jackielene V. Portea
**Tagalapat:** Rey Antoni S. Malate
**Tagapamahala:** Regional Director: Gilbert T. Sadsad
CLMD Chief: Francisco B. Bulalacao, Jr.
Regional EPS In Charge of LRMS: Grace U. Rabelas
Regional ADM Coordinator: Ma. Leilani R. Lorico
Regional EPS-Filipino: Nora J. Laguda
CID Chief: Jerson V. Toralde
Division EPS In Charge of LRMS: Belen B. Pili

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Mobile Phone: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

4

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 8:

## Kuwento Ko: Salaysay Mo

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 4 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Ang Bahagi ng Kuwento at Pagsalaysay ng Napakinggang Teksto sa tulong Larawan, Signal Words at Pangungusap

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino 4 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Ang Bahagi ng Kuwento at Pagsalaysay ng Napakinggang Teksto sa tulong Larawan, Signal Words at Pangungusap

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman |

| | |
|---|---|
| | o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito

## Alamin

Magandang araw sa iyo!

Alam kong mahilig kang manood ng mga pelikula, teleseryeng masugid mong sinusubaybayan at ang mga usong-usong mga K-drama.

Subalit alam kong maliban sa panood, higit mong gusto ang pagbabasa sapagkat madali mo itong mahanap sa iyong aklat o iba pang sanggunian.

Dahil dito, madali para sa iyong matukoy ang mga tauhan, tagpuan at mga pangyayari ng isang kuwento. Sa tulong ng araling ito, higit mo pang matutuhan ang bahagi ng kuwento.



Sa pagtatapos ng araling ito, inaasahang matututunan mo ang sumusunod na kasanayan:

1. Natutukoy ang bahagi ng binasang kuwento – simula, kasukdulan, katapusan;

2. Naisasalaysay muli nang wastong pagkakasunod-sunod ang nabasang teksto, gamit ang larawan, *signal words*, at pangungusap.

Handa ka na ba?

## *Subukin*


Subukin mo.

**Panuto: Basahin ang maikling teksto sa ibaba.**

Masipag at matulunging bata si Jamila. Palagi niyang tinutulungan ang kanyang ina para maglaba ng kanilang damit. Kaagad niyang inihahanda ang labahan sa pamamagitan ng paghihiwalay ng puting damit sa mga may kulay. Binabasa muna niya ang mga damit bago sabunin. Inuuna muna niyang sinasabon ang mga puti bago ang mga may kulay. Binabanlawan nila ito ng tatlong beses. Pinipigaan ang damit bago isampay. Pinapatuyo ng araw ang mga damit.

Isulat ang **bilang 1-5** sa ibaba ng larawan upang maipakita ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari. Gumamit ng mga pangungusap na may *signal words* (**una, pangalawa, sunod, huli**) at isalaysay itong muli. (2 puntos bawat bilang).

**1.**



**2.**



**3.**



**4.**



**5.**



Binabati kita. Natapos mo ang unang pagsubok. Alamin natin sa pahina ____ ang wastong sagot sa mga tanong.


Saang antas ka nabibilang?

5 tamang sagot – NAPAKAHUSAY
3-4 tamang Sagot – MAGALING
1-2 tamang sagot – PAGBUBUTIHAN PA
0 tamang sagot – KAYA MO YAN



Mahusay! Simulan mo na ang ating aralin.

# Aralin Mga Bahagi ng Kuwento



## *Balikan*

Naalala mo ba ang nakaraang aralin hinggil sa mga elemento ng kuwento?

Kaya mo bang tukuyin kung sino-sino ang mga tauhan, saan ang tagpuan at ano-ano ang mga nangyari sa kuwento?

Halika, magbalik aral ka.

**Panuto:** Basahin ang maikling kuwento sa ibaba. Tukuyin ang mga **elemento ng kuwento** at isulat ito sa loob ng sandwich organizer.


**Si Oscar at Omar**
Ma. Theresa I. Cortez

Matalik na magkaibigan si Oscar at si Omar simula pa pagkabata. Oras oras laging naglalaro ang dalawa gamit ang laruang oso. Isang araw biglang nasagasaan si Oscar ng puting sasakyan. Kaya dinala agad siya sa ospital para magamot. Agad agad na pinuntahan ni Omar ang kaibigan para siya'y alalayan.


Malaki ang pasasalamat ng kanyang Tito Selmo na nakaligtas siya sa peligro. Nagpasalamat din si Oscar kay Omar sa kanyang pagbisita. Hanggang sa paglaki, hindi mapaghiwalay ang dalawa. Lahat ng bagay ay ginagawa nila ng magkasama.

Mga Tanong:

1. Sino ang matalik na magkaibigan sa kuwento?
2. Saan dinala si Oscar pagkatapos ng aksidente?
3. Paano sila naging matalik na magkaibigan?




Dahil sa tapos ka na sa gawaing ito, alamin mo kung wasto ang iyong kasagutan sa pahina ____.



Ngayong may sapat ka nang kaalaman hinggil sa elemento ng kuwento.

Daragdagan na pa natin ito. Halika na dumako na tayo sa **bahagi ng kuwento.**



***Mga Tala para sa Guro***

Mahalaga ang pagbabanghay upang matukoy ang pagkakasunud-sunod ng pangyayari sa kuwento.

## *Tuklasin*

Gamitin ang diksyunaryo, hanapin ang kahulugan ng mga salitang nakasulat sa loob ng kahon upang lubos mong maunawaan ang kuwentong inihanda para sa iyo.

1. *tapik*
2. *humaharurot*
3. *ganadong-ganado*
4. *nagtahulan*
5. *nakahandusay*

**Basahin at unawain.**

### Ligtas na si Lolo!

Baby Elsie M. Jove

Masayang-masaya ako nang dumating sa buhay namin ang mga alaga kong aso. Malaki at matapang si Rambo, samantalang maliit at malambing naman si Tisoy.

“ Jay! Pinaliguan mo na ba ang mga alaga mo?”, ang tanong ni Tatay.

“Tisoy! Tisoy! Rambo! Ligo na tayo!”, ang pasigaw kong tawag sa kanila.

“Mabilis ka talagang kumilos Tisoy, kahit pilay ka!”, sabay tapik ko sa kaniyang ulo. Hindi kasi nito naiwasan ang humaharurot na motorsiklo kaya takot na itong lumabas ng gate.

“Wow! Mabango na naman kayo, siguradong ganadong-ganado naman kayong kumain niyan!,” ang sabi ko.

Pagkaraan ng tanghalian, maingay na namang naghahabulan sina Tisoy at Rambo. Maya-maya, bigla nalang na

nagtahulan ang mga aso. Walang tigil. “Istorbo naman, ang sarap pang mahiga”, ang reklamo ko habang papalapit sa mga kumakahol na aso.

“Ano bang ingay ‘yan?”, ang pasigaw kong lapit sa kanila.
“Lolo Isko! Lolo Isko! Nakahandusay sa lupa ang di-makagalaw kong lolo habang hawak ang kaniyang dibdib.

Dali-dali naming isinugod siya sa hospital.

“Salamat sa Diyos!  Ligtas na si Lolo Isko. Tunay ngang sa kagipitan, ang mga aso ko’y maaasahan.

**Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ito sa sagutang papel.**

1.Sino-sino ang mga tauhan?

2.Saan nangyari ang kuwento?

3.Ilarawan mo ang dalawang aso sa kuwento.

4. Ano ang nangyari kay Lolo Isko? Nakaligtas ba siya?

5.Maisasalaysay mo ba ang mga mahahalagang pangyayaring sa kuwento?



Magaling! Ngayong nasagutan mo ang mga tanong, tukuyin mo kung tama o maali ang sagot mo sa susi sa pagwawasto sa **pahina 16.**

## ***Suriin***

Narito ang mga **mahahalagang pangyayari** na hinango sa kuwento. Basahin mo at kilalanin natin ang bahagi ng kuwentong "*Ligtas na Si Lolo!*"

A
Masayang-masaya ako nang dumating sa buhay namin ang mga alaga kong aso. Malaki at matapang si Rambo, samantalang maliit at malambing naman si Tisoy.

B
"Ano bang ingay 'yan?", ang pasigaw kong lapit sa kanila. "Lolo Isko! Lolo Isko! Nakahandusay sa lupa ang di-makagalaw kong lolo habang hawak ang kaniyang dibdib.

C
"Salamat sa Diyos! Ligtas na si Lolo Isko. Tunay ngang sa kagipitan, ang mga aso ko'y maaasahan.

**Aling kahon ang kinalalagyan ng unang bahagi ng kuwento?**

***Kahon A.*** *Dito makikita ang **tauhan at tagpuan.** Kaya't tinatawag itong **simula** ng kuwento.*

---

**Ano ang naramdaman mo sa pangyayaring nasa B?**

*Tama! Nakaramdam ka ng matinding damdamin, pagkabigla, takot at awa sa kaniyang lolo. Ano ang inisip mo nang mabasa ito?*

Ito ba ang may pinakamataas na aksyon sa kuwento? Ang bahaging ito ang **kasukdulan** ng kuwento

---

**Ano naman ang naramdaman mo sa huling kahon C?**

*Masaya at ligtas na si Lolo; Nabawasan ang pag-aalala, nagpasalamat; Nagkaroon ng kasagutan ang problema.*

Ito ang tinatawag na **katapusan o wakas** na bahagi ng kuwento nagkaroon ng kasagutan ang nangyari sa tauhan.



**Lagi mong tandaan...**

Ang tatlong **bahagi ng kuwento.**

**Pamagat**

| **Simula** | **Kasukdulan** | **Katapusan** |
|---|---|---|
| - paglalahad o paglalarawan sa tauhan, tagpuan, o maaaring mailahad agad ang suliranin. | - makakamtan ng pangunahing tauhan ang katuparan o kasawian ng kanyang ipinaglalaban.<br>- pataas at pababang aksyon. | - Ito ang resolusyon o kahihinatnan ng kuwento. |

- ❖ Sa pagsasalaysay muli ng nabasang teksto o kuwento, gumagamit ng mga *signal words* kagaya ng una, pangalawa, sunod, at huli upang maisalaysay muli ang mga pangyayari na may tamang pagkasunod-sunod.
- ❖ Maaari ring maisalaysay ng may wastong pagkakasunod-sunod ang teksto gamit ang mga larawan at pangungusap.

Ano'ng mahahalagang impormasyon ang iyong nalaman?

Makatutulong kaya ang mga ito sa iyong pag-aaral?

Markahan sa ibaba ang antas ng iyong pagkaunawa:


____Lubos na naunawaan
____Naunawaan
____Naguluhan



## *Pagyamanin*

Ang mga sumusunod ay mga gawain upang mapagtibay ang iyong pagkaunawa sa nabasang kuwento o teksto.

**A.** Sa iyong sagutang papel, kopyahin ang *graphic organizer* sa ibaba at tukuyin ang bahagi ng kuwentong "Ligtas na si Lolo!".




**B. Panuto:** Punan ng **bilang 1-5** sa patlang ng mga pangungusap ayon sa wastong pagkakasunod-sunod ng napakinggang teksto at isalaysay muli ang pangyayari pagkatapos na maisulat ito gamit ang ***signal words:*** **una, pangalawa, pangatlo, sunod, at huli.**

_________ Pinaliguan si Tisoy bago ito pinakain.


_________ Nailigtas si Lolo Isko sa stroke nina Tisoy at Rambo at patuloy na siyang nagpapagaling.

_________ Paglalarawan kay Tisoy at Rambo.

_________ Nakita nina Tisoy at Rambo si Lolo Isko na nakahandusay sa lupa.

_________ Pagkatapos kumain ng tanghalian, naglalaro ng habulan ang dalawang aso.

**C. Panuto:** Pansinin ang larawan na nasa ibaba. Gabayan ang aso kung alin ang pasunod-sunod na pangyayari sa kuwento. Lagyan ng bilang 1-5 sa loob ng kahon.



Ang galing-galing mo! Natapos mo ang Pagsasanay.

Saang pagsasanay ka nahirapan?

___ Pagsasanay A

___ Pagsasanay B

___ Pagsasanay C

Gayunpaman binabati kita sa iyong tagumpay.





## *Isaisip*

Anong natutuhan mo sa araling ito? Ibigay ang iyong sagot.

1. Ako ay ginagamit na *signal words* para sa katapusan ng pagsasalaysay ng isang teksto. ___________

2. Ako naman ay matatagpuan sa unahan ng kuwento kung saan ay maaari mo akong ilarawan. ___________

3. Maganda at kaakit-akit na gamitin para sa pagbuo at pagsasalaysay ng pagkakasunod-suod ng pangyayari sa teksto.___________

4. Bahagi ako ng kuwento na kung saan matatagpuan ang maaksiyon na mga pangyayari. _______________

5. Pinag-uugnay ko ang pangyayari sa kuwento mula sa una papunta sa pangatlo o sunod na bahagi. Anong signal words ang ilalapat dito? ____________

Tagumpay ka ba sa iyong kasagutan? Iwasto mo sa susi na matatagpuan sa **pahina 16**.




## *Isagawa*

Para sa lubos na pagsasanay hinggil sa pagsalaysay muli ng napakinggang teksto,  isagawa mo ito.

Malaking hamon para sa atin ngayon ang kinakaharap ng ating bansa maging ng buong daigdig sa pagpuksa ng COVID-19. Para maiwasan ang pagkalat nito ay ibinahagi ng World Health Organzation (WHO) ang pangunahing hakbang sa pamamagitan ng palagiang paghuhugas ng kamay gamit ang sabon at paglagay ng alcohol pagkatapos.

**Lapatan ng wastong bilang ang bawat larawan para sa wastong pagkakasunod-sunod at isalaysay muli gamit ang *signal words* mula sa binasa.**





**Bravo!**

Tuklasin kung tama o mali ang iyong kasagutan. Tingnan ang susi sa pagwawasto sa **pahina 16**.

## *Tayahin*

Gaano ka na ba kagaling sa araling ito? Sige, subukin mo. **Basahin ang kuwento**.

**Bagyo sa Bikol**

Ang lugar ng Bikol ay parating dinaraanan ng bagyo dahil sa lokasyon nito sa ating bansa. Bago pa dumating ang sakuna, ay abala ang mga tao sa paghahanda gaya ng pag-aayos ng mga tirahan, pamamalengke at pag-iimbak ng mga pagkain. Inihahanda rin ang mga pang-*first aid,* ilaw, at inaayos ang mga kagamitan para sa maaaring baha at pagguho ng lupa. Nakikinig din sa balita ang mga tao para malaman ang direksyon ng bagyo at kung gaano ito kalakas.

Sa oras na tumama ang bagyo, lahat ay nasa loob ng kanilang mga tahanan at taimtim na nagdarasal.Pagkatapos ng bagyo, walang humpay na naglilinis ng kapaligiran.

Hindi kinakalimutan ang pagpapasalamat sa Poong Maykapal sa kaligtasang natamo.

1. Alin ang dapat na simula sa mga pangyayaring nabanggit? Piliin at isulat sa sagutang papel.
   A. Lahat ay nasa loob ng tahanan
   B. Abala sa pag-aayos ng tirahan
   C. Paglilinis ng buong kapaligiran
   D. Nakikinig din sa balita ang mga tao

2. Alin sa mga sumusunod ang katapusang bahagi ng kuwento?
   A. Paglilinis sa buong kapaligiran
   B. Taimtim na nagdarasal na sana ay iligtas sila sa bagyo
   C. Pamamalengke at pag-iimbak ng pagkain
   D. lahat nasa loob ng tahanan at taimtim na nanalangin

3. Sa aling pahayag ang masasabing nasa kasukdulan ang pangyayari?
   A. Paghahanda sa mga *first aid* at ilaw
   B. Walang humpay na paglilinis sa bakuran
   C. Pagdating ng bagyo sa kalupaan
   D.lahat nasa loob ng tahanan at taimtim na nanalangin

**Panuto:** Isalaysay muli ang kuwentong "Bagyo sa Bikol", gamit ang mga larawan, pangungusap, at *signal words* na may tamang pagkakasunod-sunod.



7 puntos-kapag naisalaysay gamit ang mga larawan, pangungusap, at *signal words* na may tamang pagkakasunod-sunod

6 puntos-kapag naisalaysay pero kulang sa gamit ang mga larawan, pangungusap, at *signal words* na may tamang pagkakasunod-sunod

5 puntos-kapag naisalaysay pero kulang na kulang sa gamit ang mga larawan, pangungusap, at *signal words* na may tamang pagkakasunod-sunod

4 puntos-kapag kailangan pa ng ibayong pagsasanay

Bilib na talaga ako sa iyo. Nasagutan mo lahat na pagsasanay. Iwasto mo ang iyong mga kasagutan sa **pahina 16**.

Anong naramdaman mo matapos malaman ang resulta ng iyong pagsisikap? ☹ ☺ 😐



## *Karagdagang Gawain*

Para mas lalo ka pang mahasa at hindi makalimutan ang tungkol sa araling **Bahagi ng Kuwento**, narito ang huling gawain.

**Basahin mo.**

Si Marcelo H. Del Pilar ay tinaguriang Dakilang Propagandista. Isa siyang abogado na kilala sa pagsulat ng mga artikulo laban sa pag-aabuso ng mga paring Espanyol. Ipinagpatuloy niya ang gawaing ito sa Espanya kung saan naging patnugot at tagalathala siya ng La Solidaridad. Sa kakulangan ng pera ay pangungulila sa pamilya, nagkasakit siya at namatay.

**Panuto:**

Bumuo ng sariling mga pangungusap ng di-kukulangin sa apat na pangungusap ayon sa wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari gamit ang *signal words.*

Isalaysay muli ang teksto gabay ang rubriks sa ibaba sa pagbigay ng puntos.

| Kasanayan | 5<br>Napakahusay | 4<br>Mahusay na mahusay | 3<br>Mahusay | 2<br>Katamtaman | 1<br>Sanayin pa |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. Naisasalaysay muli ang teksto ng may pagkakasunod-sunod. | | | | | |
| 2. Nagagamit ang mga *signal words* sa pagsasalaysay | | | | | |
| 3. Gumamit ng mga pangungusap na ayon sa tekstong napakinggan | | | | | |
| Kabuoan | | | | | |

# Susi sa Pagwawasto

***Subukin***

1. 5  2. 2  3. 1  4. 4  5. 3

Narito ang pasunod-sunod na hakbang sa paglaba ni Jamila. Una inihiwalay niya ang puting damit sa may kulay, pangalawa binabasa niya ito, pangatlo ay sinasabon, binabanlawan ng tatlong beses at ang panhuli ay pinpagaan at sinasampay hanggang matuyo.

***Balikan***

1. Ang matalik na magkaibigan ya sina Oscar at Omar.
2. Dinala si Oscar sa Ospital.
3. Magksama silang naglalaro at nagdadamayan.

Tagpuan – sa bahay at ospital
Tauhan – Omar, Oscar at Tito Selmo
Banghay – ( Buod ng kuwento)

***Tuklasin***

Talasalitaan: Depende sa pagwawasto ng guro.

Sagot sa mga tanong:
1.Jay, Tatay, Rambo, Tisoy, Lolo Isko
2.Bahay ni Jay
3. Rambo- malaki, matapang ; Tisoy-maliit, malambing
4. Nakahandusay sa lupa. Opo. Nakaligtas si Lolo
5. Depende sa pagwawasto ng guro.

***Pagyamanin***

A. Pamagat- Ligtas na si Lolo Isko
Simula – Paglalarawan ng dalawang aso at kung paano napunta sa may-ari
Kasukdulan – Ppag-aalaga sa mga aso at pakaligtas nito kay Lolo Isko
Katapusan – Ligtas na sa kapahamakan si Lolo Isko

B. 1. 22. 5  3. 1  4. 4  5. 3

C. 1. 42. 5  3. 3  4. 2  5. 1

***Isaisip***

1. huli2. Simula  3. Larawan  4. Kasukdulan  5. Pangalawa

***Isagawa***

| | | | |
|---|---|---|---|
| 2 | 3 | 4 | 1 |
| 6 | 8 | 7 | 5 |

***Tayahin***

1. b  2. A  3. C

Pagsalaysay muli ng kuwento gamit ang signal words at pangungusap.

***Karagdagang Gawain***

Tingnan ang rubrics sa pagbigay ng puntos.

## ***Sanggunian***


Dayag, Alma M. *Pinagyamang Pluma 4*. Quezon City: Phoenix Publishing House, Inc. 2017

*tapik* 2020.[online] Available at https://tagaloglang.com [Accessed 6 June 2020]

*humaharurot* Tagalog.com:2020 Homepage. [online] Available at: https://www.tagalog.com[accessed 6 June 2020]

*nagtahulan, nakahandusay* Kahulugan. (2020). Retrieved 6 June 2020, from https://www.brainly.ph

Bahagi, Ramos, and Embestro, Kontekstuwalisadong Banghay-Aralin sa Filipino,Baitang 4 (Kwarter 1) RO V pp. 33, 131-132

Proper handwashing (2020), Retrieved 6 June 2020, from https://www.who.int/gpc/clean_hands_protection/on/

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph